
# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



**MODYUL 14**
**ANG PILIPINAS SA PANAHON NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 14
## ANG PILIPINAS SA PANAHON NG IKALAWANG DIGMAANG PANDAIGDIG

Nakatuon ang modyul na ito sa mga pangyayari sa Pilipinas noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kung naaalala mo, sa Modyul 13, nagsisimula na ang mga Pilipino sa sarili nilang pamamahala bilang isang Komonwelt sa pamumuno ni Pangulong Manuel Quezon. Maayos na sana at abala para sa nalalapit na pagsasarili ang mga Pilipino ngunit dumating ang mga Hapon upang sakupin ang Pilipinas. Sa kabila ng magiting na pagtatanggol ng hukbong Pilipino at Amerikano, napasailalim ang Pilipinas ng ikatlong mananakop.

Tutunghayan sa araling ito ang isa pang kalbaryo sa buhay ng mga mamamayang Pilipino.

May apat na araling inihanda para sa iyo upang mapalawak ang iyong kaalaman:

- Aralin 1 - Ang Pagsiklab ng Digmaan sa Pasipiko
- Aralin 2 - Ang Maynila bilang *Open city*
- Aralin 3 - Ang Pagbagsak ng Bataan at ang *Death march*
- Aralin 4 - Ang Pagbagsak ng Corregidor at Pagsuko sa mga Hapon

Pagkatapos ng mga aralin sa modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga pangyayaring nagtulak sa Pilipinas sa digmaan laban sa mga Hapon;
2. Maipagmamalaki ang ipinakitang kagitingan ng mga Pilipino laban sa Hapon; at
3. Maipaliliwanag kung bakit ang digmaan ay walang naidulot na kabutihan at kapakinabangan sa bansa.

Handa ka na ba?




## PANIMULANG PAGSUSULIT

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Dumating sa Pilipinas ang mga Hapon noong:
   A. makaalisang mga Amerikano.
   B. nagsasanay sa sariling pamamahala ang mga Pilipino.
   C. nagpapagawa pa ng batas pangkalayaan ang mga Pilipino.
   D. nakamit na ng mga Pilipino ang ganap na paglaya sa mga Amerikano.
2. Anong relasyon ang namagitan sa Amerika at Hapon sa pagsisimula ng ikalawang digmaang pandaigdig?
   A. Matagal na silang may alitan
   B. Magkaalyado o magkaibigan
   C. May tiwala sa bawat isa
   D. Magkalapit ang kinaroroonan
3. Saang pangkat kabilang ang mga Hapon noon?
   A. Allied
   B. United Nations
   C. NATO
   D. Axis
4. Ang tunay na layunin ng mga Hapon sa pagsakop sa Pilipinas:
   A. pagsunod sa pakiusap ng mga Pilipino
   B. pagtalima sa utos ng United Nations
   C. pagsakop sa bansa upang patunayan na makapangyarihan sila
   D. pagsunod sa kasunduan nila ng Amerika na manakop din
5. Ipinahayag ng mga Hapon ang layunin nilang palaganapin ang Samahanng Kaganapan ng mga bansa sa Kalakhang Asya (*Greater Asia Co-prosperity Sphere*). Ito ay:
   A. Totoo, nais nilang tunay na umunlad ang mga bansang Asyano.
   B. Yabang lamang, kailanma'y di sila maaaring mamuno.
   C. Mali, gusto lamang nila tayong maakit at mapasunod.
   D. Tunay na magtatayo sila ng mga industriya sa Asya na kahati ang ibang bansa dito.

6. Alin sa mga sumusunod  and hindi nangyari sa panahon ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas?
    A. pagbagsak ng Bataan
    B. pagpapatuloy ng Komonwelt sa Amerika
    C. pagbagsak ng Corregidor
    D. pagbabayad ng Hapon sa Amerika kapalit ng Pilipinas
7. Saang pangkat nabibilang ang Amerika sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigidg?
    A. Axis
    B. ASEAN
    C. Allied Powers
    D. United Nations
8. Sino ang Pangulo ng Pilipinas noong panahong sakupin ng Hapon ang Pilipinas?
    A. Jose Rizal
    B. Claro M. Recto
    C. Manuel L. Quezon
    D. Manuel Roxas
9. Siya ang itinalagang pinuno ng USAFFE:
    A. Hen. Douglas MacArthur
    B. Hen. Jonathan Wainwright
    C. Hen. William F. Sharp Jr.
    D. Hen. Edward P. King
10. Ang unang Pilipinong Pilotong pinarangalan sa kanyang pakikidigma sa himpapawid:
    A. Tinyente Geronimo Aclan
    B. Tinyente Cesar Basa
    C. Kapitan Jesus Villamor
    D. Major Jorge B. Vargas
11. Siya ang namuno sa USIP na sumuko sa mga Hapon sa Corregidor

A. Hen. Douglas MacArthur
B. Hen. Jonathan Wainwright
C. Hen. William F. Sharp Jr.
D. Hen. Edward P. King

12. Bakit kailangang lisanin ang Maynila ng tropang USAFFE at magtungo sa Bataan?
A. Sapagkat naroon ang mga Hapon
B. Sapagkat napakalaki nito
C. Sapagkat maraming gerilya doon
D. Sapagkat mahirap nang ipagtanggol ito at labis na mawawasak

13. Ang kumander ng puwersa sa Bataan na napilitang sumuko sa mga Hapon:
A. Hen. Douglas MacArthur
B. Hen. Jonathan Wainwright
C. Hen. William F. Sharp Jr.
D. Hen. Edward P. King

14. Paano madaling nagapi ng mga Hapon ang puwersang Pilipino-Amerikano?
A. sa pamamagitan ng propaganda
B. sa pamamagitan ng pagbabayad ng malaking halaga
C. sa pamamagitan ng pagpatay sa mga sumukong sundalo
D. sa pamamagitan ng walang humpay na pagbomba sa mga mahahalagang instalasyong militar

15. Ano ang ginawa ng mga Pilipinong opisyal nang sumuko na ang tropang Amerikano sa mga Hapon?
A. Sumuko na rin
B. Namundok at naglunsad ng pakikidigmang gerilya
C. Nagtago sa malalayong lugar
D. Nakipagtulungan sa mga Hapon

16. Ano ang ibig sabihin sa pagiging *open city* ng Maynila?
A. Malugod na tinanggap ang mga mananakop na Hapon
B. Bukas na pakikipag-usap sa mga dayuhan
C. Di dapat bombahin sapagkat maraming sibilyan doon
D. Isinusuko na ito sa mga Hapon

17. Bakit nasali ang Pilipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
    A. Dahil mayaman ito
    B. Dahil ito ay isang Komonwelt na protektado ng Amerika
    C. Dahil ginalit nito ang mga Hapon
    D. Dahil ito ay bahagi ng kolonya ng Amerika
18. Siya ang pinuno ng hukbong Hapon na sumakop sa Pilipinas:
    A. Hen. Nagasaki
    B. Hen. Hirohito
    C. Hen. Masaharu Homma
    D. Hen. Yamashita
19. Saan nagmula at nagtapos ang paglalakad ng mga bilanggong kawal sa tinaguriang "*Death march*"?
    A. Mula Mariveles, Bataan hanggang Maynila
    B. Mula Mariveles, Bataan hanggang Capas, Tarlac
    C. Mula Mariveles, Bataan hanggang San Fernando, Pampanga
    D. Mula Mariveles, Bataan hanggang Clark Field, Pampanga
20. Sino ang Amerikanong heneral ng tropang Visayas at Mindanao na sumuko sa mga Hapon sa Malaybalay, Bukidnon?
    A. Hen. Douglas MacArthur
    B. Hen. Jonathan Wainwright
    C. Hen. William F. Sharp Jr.
    D. Hen. Edward P. King

**ARALIN 1**

**ANG PAGSIKLAB NG DIGMAAN SA PASIPIKO**

Marahil ay itinatanong mo sa iyong sarili kung bakit nagkaroon ng digmaan ang Hapon at Amerika? Naitatanong mo rin marahil kung bakit napasangkot ang ating bansa sa digmaang iyan? Ang mga katanungan mong iyan ay sasagutin sa araling ito.

Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang mga dahilan ng pagkakasangkot ng Pilipinas sa ikalawang digmaang pandaigdig;
2. Matatalakay ang mga pangyayari sa pagsisimula ng pananakop ng mga Hapon; at
3. Mabibigyang halaga ang kagitingan ng mga Pilipino sa pagtatanggol ng kanilang bansa.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Alam mo ba kung nasaan ang bansang Hapon? Sa ibaba ay may mapa ng Asya. Tukuyin ang bansang Hapon (Japan) at kulayan ng pula. Tukuyin din ang bansang Pilipinas at kulayan ng berde.




© 1993-2003 Microsoft Corporation. All rights reserved.

Kung napansin mo, ang bansang Hapon ay malapit lamang sa Pilipinas. Hindi katakataka na magkaroon ito ng interes na sakupin ang Pilipinas, hindi ba?

**Ang Dahilan ng Digmaan sa Pasipiko**

Pagkaraan ng maraming taon ng pakikipaglaban, sa panahon ng Komonwelt ay unti-unti nang nakararanas ng kaunlaran at malasariling kalayaan ang Pilipinas. Subalit dumating ang sigwa ng ikalawang digmaang pandaigdig at muli itong naligalig. Pinangambahan ng maraming lider Pilipino sa pangunguna na rin ni Pangulong Quezon at ni Claro M. Recto, isang makabayang lider, ang maaaring pagsabog ng digmaaan at pagkasangkot ng Pilipinas sa digmaang iyon.

Sa simula, walang balak ang Estados Unidos na sumali sa ikalawang digmaang pandaigdig. Ang plano ni Pangulong Roosevelt ay tulungan lamang ang Ingglatera sa pakikihamok sa Europa, ayon sa kasunduang *Europe First Policy*, at bilang miyembro ng *Allied Powers*. Subalit nag-iba ang ihip ng hangin sa Malayong Silangan noong magwawakas ang taong 1939. Sa aklat na isinulat ni Teodoro Agoncillo tungkol sa Kasaysayan ng Pilipinas, ipinaliliwanag ang mga pangyayaring naging daan ng digmaan sa Pasipiko na sinimulan ng mga Hapon:

*"Mula noong magkaroon ng digmaang Tsina at Hapon na nagsimula noong1930, nangamba ang mga bansa sa Asya na ang Hapon ay may layong manakop ng mga bansa sa dulong silangan. Ang mga kolonya ng Alemanya sa Karagatang Pasipiko ay naisalin na sa kamay ng Hapon kayat may pangamba ang mga Amerikano na sasakupin din ng Hapon ang Pilipinas sa sandaling masangkot sa digmaan ang Estados Unidos. "*

*"Nang sumiklab ang digmaan sa Europa noong 1939 ay nakipagkasundo ang Hapon sa Alemanya at Italya. Ang tatlong bansang ito'y tinawag na Axis. Noong Hulyo 1941, sinakop ng Hapon ang Indo-Tsina (ngayo'y Vietnam). Nasindak ang Estados Unidos sapagkat iyo'y nangangahulugang ang Estados Unidos at ang Pilipinas ay malalagay sa panganib. Iminungkahi ng Estados Unidos na ayusin ang kanilang sigalot sa pamamagitan ng patakarang dapat igalang ang kasarinlan ng lahat ng bansa. Hindi tinanggap ng Hapon ang mungkahi."*

*"Lumala ang sigalot ng Estados Unidos at ng Hapon. Sa gitna ng mga negosasyon sa pagkakasundo, walang kaabog-abog na binomba ng Hapon ang Pearl Harbor sa Hawaii na isang kolonya ng Estados Unidos sa dagat Pasipiko, noong Disyembre 7, 1941. Nabigla at nasindak ang mga Amerikano, nawasak ang base militar sa Hawaii, at kulang-kulang sa 5,000 Amerikanong opisyal at marino ang*

*napinsala ( namatay, nasugatan at nawawala). Kinabukasan, ipinahayag ni Franklin D. Roosevelt, pangulo ng Estados Unidos ang pakikidigma sa Hapon. Sumagot ang Hapon ng pakikidigma rin sa Estados Unidos at sa Ingglatera na nagpahayag na rin ng pakikidigma sa Hapon. Ilang oras pagkaraang masalakay ang Pearl Harbor, sumalakay ang mga Hapon sa Pilipinas. Noo'y Disyembre 8, 1941. Ang digmaan sa Pasipiko ay nagsimula na."*


Encarta Encyclopedia, Archive Photos

Sinasabi ng mga Hapon na nilalayon nilang palaganapin ang tinaguriang Samahang Kaganapan ng mga Bansa sa Kalakhang Asya (Greater East Asia Co-Prosperity Sphere) upang makatulong sa pagpapaunlad ng mga bansa sa Asya. Subalit maraming nagsasabi na ang tanging hangad nila ay manakop at maging pinakamapangyarihang bansa sa Asya.

**Ang Pambobomba sa Pilipinas**

Dahil sa nakaambang panganib ng pagsalakay ng mga Hapon mga ilang taon bago nangyari ito, nagkaroon na ng mga paghahanda sa pakikipaglaban ang pamahalaang Komonwelt sa tulong ng pamahalaang Amerikano sa Estados Unidos.

Pinagsanib ni Pangulong Roosevelt ang Hukbong Pilipino at Hukbong Pilipino at ipinadala sa Pilipinas si Hen. Douglas MacArthur upang sanayin ang hukbo. Tinawag itong USAFFE (o *United States Armed Forces in the Far East*), at nagsagawa ng mga pagsasanay sa pakikidigma. May 130,000 kawal ang Hukbong Pilipino nang sumiklab ang digmaan. Nagbuo din si Pangulong Quezon ng *Civilian Emergency Administration* sa bawat bayan at nagsagawa ng mga pagsasanay militar para sa mga kabataan.

Noong Disyembre 8, 1941, sumalakay ang mga Hapon sa Pilipinas. Mula sa himpapawid, sabay-sabay na binomba ang Aparri, Davao, Baguio, Tarlac at Iba. Nang gumabi, sinalakay ang base militar sa Clarkfield. Nawasak ang maraming eroplanong Amerikano, kayat namayani ang mga Hapon sa himpapawid. Naging malaya sila sa pagbomba sa maraming lugar sa kapuluan na ikinabigla at ikinagimbal ng lahat. Pinasabog maging ng mga imbakan ng gasolina ng Shell at Caltex.





Nang umaga ng Disyembre 9, binomba ang Maynila. Nagdulot ito ng malaking pinsala sa mga ari-arian at pagkamatay ng maraming sibilyan.

Noong Disyembre 10, dumaong ang hukbong dagat ng Hapon sa Aparri at Vigan, sa hilaga. Nang sumunod na mga araw, patuloy na dumaong ang mga Hapon sa iba't ibang lugar ng bansa. Nasira ang maraming barko ng Hukbong dagat ng USAFFE at nawasak ang maraming eroplano sa mga base militar. Ang pinakapunong puwersang panakop ng Hapon ay dumaong sa Leyte noong Disyembre 22 sa pamumuno ni Tinyente Heneral Masaharu Homma.

Bagamat nakagigimbal ang malawakang pambobomba at pagdating ng mga Hapon, buong giting na nakihamok ang mga kawal Pilipinong kabilang sa USAFFE, kabalikat ang hukbong Amerikano. Habang dumadaong ang mga puwersang Hapon, binomba at dinurog ng mga eroplano nito ang US Navy Yard sa Cavite, ang Nichols Air Base, Fort Mckinley at ang Kampo Delgado sa Iloilo. Sa Batangas Airfield,

naipakita ng mga Pilipinong piloto na sina Kapitan Jesus Villamor, Tinyente Cesar Basa at Tinyente Geronimo Aclan ang kanilang kabayanihan sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa himpapawid at pagpapabagsak ng mga eroplano ng mga Hapones.

Sapagkat kulang na sa mga eroplano at kagamitang pandagat na nangawasak sa walang humpay na pambobomba ng mga Hapon, di na nila napigilan ang tuluyang pagpasok ng mga dayuhan sa loob ng kapuluan. Natupok ang mga kagamitan sa mga instalasyong militar. Dahil dito, lubos na humina ang kakayahan ng USAFFE na pigilan pa ang paglusob ng mga Hapon. Habang nalalapit ang Pasko, ang labanan at pambobomba ay nagpatuloy at lalong umigting. Hindi na naituloy ang tradisyunal na Misa de Gallo sa mga simbahan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayo'y nabatid mo na ang nakagigimbal na mga pangyayari sa pagkakasangkot ng Pilipinas sa digmaang Hapon at Amerikano. Upang mapalalim mo ang iyong kaalaman, gumawa ka ng **time line** simula sa pagsiklab ng ikalawang digmaang pandaigdig hanggang sa pagdating ni Hen Masaharu Homma. Magagawa mo kaya? Kayang-kaya mo iyan!

TIME LINE

| Petsa (Araw, Buwan, Taon) | Mga Pangyayari |
|---|---|
| ______________________ | _________________________ |
| ______________________ | _________________________ |
| ______________________ | _________________________ |
| ______________________ | _________________________ |
| ______________________ | _________________________ |



**Tandaan Mo!**

- Ang digmaan sa Pasipiko sa pagitan ng Amerika at Hapon ay bahagi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nasangkot ang Pilipinas sa digmaang ito dahil naririto pa ang mga Amerikano noong sumiklab ang digmaan.
- Sumiklab ang Digmaan sa Pasipiko sa pagbomba ng mga Hapon sa Pearl Harbor noong Disyembre 7, 1941. Isinunod ang pagbomba sa Pilipinas noong Disyembre 8, 1941.
- Ganap na nakapasok ang mga Hapon sa Pilipinas noong Disyembre 22, 1941 sa pamumuno ni Hen. Masaharu Homma.
- Ang pinagsanib na Hukbong Pilipino at Hukbong Amerikano o USAFFE sa pamumuno ni Hen. Douglas MacArthur, ay magiting na nagtanggol upang pigilin ang pagpasok ng mga Hapon sa Pilipinas.

**Gawain 3: Paglalapat**



Natalakay sa aralin ang pagsasanib ng puwersa ng Hukbong Pilipino at Hukbong Amerikano upang magsanay sa pakikidigma sa mga Hapon. Sa kasalukuyang panahon, nagkaroon din ng kasunduan ang Estados Unidos at Pilipinas upang tulungan ng mga kawal Amerikano ang mga sundalong Pilipino sa pagsasanay at pakikidigma. Tinatawag itong 'Balikatan' . Ano ang digmaang inilunsad ng Amerika at Pilipinas sa kasalukuyan? Bakit walang tigil sa pagsasanay sa ngayon ang dalawang magkaibigang bansa? Ano ang kanilang pinaghahahandaan o kaaway? Ipaliwanag.

**ARALIN 2**

**ANG MAYNILA BILANG “*OPEN CITY*”**



Noong mga panahon bago dumating ang mga Kastila hanggang sa pagdating na mga Amerikano, ang Maynila ang naging kabisera ng Pilipinas at pinakamagandang siyudad sa Asya. Tuklasin mo sa araling ito kung ano ang nangyari sa Maynila nang dumating ang mga Hapon. Bakit idineklara itong “***open city?***”



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maisasalaysay ang mga pangyayaring naganap na humantong sa pagbagsak ng Maynila sa kamay ng mga Hapon; at
2. Mapahahalagahan ang pagiging *open city*ng Maynila sa panahon ng pagsakop ng mga Hapon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Nakarating ka na ba sa Maynila? Ano ang mga larawang naiwan sa isipan mo? Ilista mo dito and mga sagot mo:

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Kung wawasakin ang siyudad ng Maynila, ano ang mga mararamdaman mo? Ilista mong muli ang mga sagot mo:

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Ang Pag-atras ng mga Pilipino at Amerikano**

Ang Maynila ay mahalaga sa mga kaaway sa dahilang ito ang kabisera ng Pilipinas noong panahon ng mga Amerikano. Ang pamahalaan ng bansa ay pinamumunuan mula sa Palasyo ng Malacañang sa siyudad na ito. Ito rin ang sentro ng komersiyo at edukasyon. Ang mga gusaling itinayo noong panahon pa ng Kastila

at yaong mga itinayo ng panahon ng mga Amerikano ay sumasagisag sa kaunlaran ng Pilipinas na hindi na nalalayo sa ibang bansa sa Asya. Kaya nang sinimulang bombahin ng mga Hapon, nangamba ang pamahalaan sa maaaring pagkawasak nito.

Sa panahon ng mga pambobomba at paglusob ng mga Hapon, buong giting na lumaban ang mga USAFFE. Ngunit dahilan sa lakas ng puwersa nang papalapit nang hukbo ni Heneral Homma, napagtanto ni Hen. MacArthur na mawawalang saysay lamang ang pagtatanggol dito at maaaring matupok ito kung magpapatuloy sila sa paglaban. Ipinag-utos ni Hen MacArthur ang paglilipat ng mga kagamitang militar sa Corregidor at umurong ang USAFFE sa Corregidor kasama si Pangulong Quezon at ang kanyang pamilya. Inilipat ang pamahalaang Komonwelt sa Corregidor at noong Disyembre 30 ay pinasinayaan sa Malinta Tunnel sa Corregidor and pagkapangulo ni Quezon sa ikalawang Komonwelt. Samantala'y patuloy na umatras ang mga tagapagtanggol na Pilipino at Amerikano. Ang ibang puwersa ng USAFFE ay umurong sa Bataan at doon itinuloy ang pagtatanggol.

**Pagdedeklarang *open city*sa Maynila**

Habang umaatras ang mga hukbong USAFFE, patungo naman sa Maynila ang puwersa ni Hen. Homma pagkaraang umahon ang mga ito sa Aparri at Lingayen.

Naiwan sa Maynila bilang tagapamahala sina Kalihim Jose B,. Vargas, Hukom Jose P. Laurel at iba pang mataas na opisyal upang pangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan doon sa sandaling masakop ng Hapon ang Kamaynilaan. Dahil sa kawalan ng pwersang panghimpapawid at pangdagat, tuluyang nawalan ng paraang ipagtanggol maging ng mga sibilyang tagapamahala ang siyudad.

Noong Disyembre 26, 1941, idineklara ni Hen. MacArthur na *open city*na ang Maynila. Ibig sabihin ay maaari nang sakupin ito nang walang paglalaban upang maiwasan na ang pambobomba at tuluyang pagkasira ng lungsod. Sa kasamaang palad, binale-wala ito ng mga Hapon. Patuloy nilang binomba ang lungsod, nasira ang maraming gusali, at maraming napinsalang mamamayan. Nagimbal ang buong bansa maging ang pamahalaan ng Amerika.


Noong Disyembre 27, sa gitna ng ganitong kalagayan at kaguluhan, nagpalabas ng isang mensahe kay Hen. MacArthur si Pangulong Roosevelt ng Amerika: “Ipinangangako ko sa bayang Pilipino na tutubusin ang kanilang kalayaan at ang kanilang kasarinlan ay itatatag at ipagtatanggol.”

**Ang Pagsakop sa Maynila**

Mula sa hilaga at timog, malayang nakapasok ang mga tropang Hapon at nagsalikop sa Maynila. Tuluyan nilang napasok ang loob ng Maynila noong Enero 2, 1942. Sa kanilang pagdating, nanalanta ang mga Hapon, pinaslang pati ang mga sibilyan at dinakip ang maraming kalalakihan. Ikinulong ang mga bihag sa Pwersa Santiago at iba’t iba pang malalaking gusali na ginawa nilang mga garison o kulungan.

Nang masakop na ng mga Hapon ang Maynila, hinirang nila si Jose Vargas bilang Tagapangulo ng Komisyong Tagapagpalaganap ng Pilipinas. Ang komisyong ito ang siyang tumayong pamahalaang sentral na ang gawain ay ipahayag sa sambayanan sa pamamagitan ng radyo ang mga patakaran ng mga Hapon.

Sinasabing naghasik ng lagim ang mga Hapon sa Maynila gayundin sa iba pang bahagi ng kapuluan. Iba’t ibang pamamaraan ng pagpapahirap at pagpatay ang kanilang ginamit. Dahilan sa digmaan at sa paninikil ng mga Hapon, nagkaubos ang mga pagkain, maraming nagutom at namatay, at ang mga pamilya ay nagkahiwa-hiwalay. Mangyari pa, ang mga sundalong USAFFE ay nahiwalay sa kanilang mga pamilya sa kanilang pag-atras patungong Corregidor at Bataan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ayon sa nabasa mo sa araling ito, anu-ano ang mga kapinsalaang dulot ng mga Hapon sa kanilang paglusob sa Pilipinas? Ilista mo ang mga ginawa sa unang hanay at sa ikalawang hanay ay ilista mo ang mga kapinsalaang dulot ng mga ginawa ng mga Hapon.

| Mga Ginawa ng Hapon Sa Paglusob sa Pilipinas | Kapinsalaang Naidulot |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

B. Sa iyong palagay, bakit nasabi ni Pangulong Roosevelt ang mga sumusunod habang nilulusob ng mga Hapon ang Maynila? Sumulat ng isang talata na magpapaliwanag ng iyong palagay.

"Ipinangangako ko sa bayang Pilipino na tutubusin ang kanilang kalayaan at ang kanilang kasarinlan ay itatatag at ipagtatanggol."

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

______________________________________________.

C. Bakit kinailangang ideklara ang Maynila bilang "*open city*"? Magbigay ng dalawang dahilan:

1.____________________________________________________

2. ____________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Naging madali ang pagpasok ng mga Hapon sa Maynila sa dahilang nagsi-atras ang mga sundalong USAFFE patungong Corregidor at Bataan.
- Sa kagustuhang mailigtas ang Maynila sa malawakang pagwasak ng mga Hapon, idineklara itong ***Open City*** ni Hen. Douglas MacArthur noong Disyembre 30, 1941.
- Hindi sinunod ng mga Hapon ang mga patakaran ng pagiging *open city* ng Maynila. Ipinagpatuloy ang pambobomba, paninira at paglusob hanggang sa nalupig at naikulong ang maraming sundalo at sibilyang lalaki sa iba't ibang garison na kanilang itinayo.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa panahon ngayon, maraming mga Hapon ang napapangasawa ng ating mga kababayan sa dahilang malaya na muling nakapupunta sa Pilipinas ang mga Hapon. Sa Maynila ay may malaking gusali ang Embahada ng Japan, kayat ang mga Pilipino naman ay malayang nakapagtatrabaho sa Japan. Limot na kaya ng mga Pilipino ang nakaraang pananakop at pagmamalupit ng mga Hapon? Sa iyong palagay, dapat ba itong kalimutan? Pangatwiranan mo sa pamamagitan ng pagsulat ng dalawang talata.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

________________________________________________

**ARALIN 3**

**ANG PAGBAGSAK NG BATAAN AT ANG *“DEATH MARCH”***

Ang pag-atras ng puwersa ng mga Amerikano at Pilipino ay nagwakas sa Bataan at Corregidor. Sa araling ito, pagtutuunan natin ng pansin ang mga naganap sa Bataan, ang kabayanihang ipinakita ng mga Pilipino, at ang kanilang pagsasakripisyo upang mapangalagaan ang kalayaan na pinagkamatayang makamit ng ating mga ninuno.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay:

1. Makapagpapaliwanag ng mga dahilan ng pagbagsak ng Bataan;
2. Makapaglalarawan ng mga paglabag ng mga Hapon sa karapatang pantao; at
3. Mabibigyang halaga ang kagitingang ipinamalas ng mga Pilipino sa Bataan.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin mo ang larawan sa ibaba. Ito ang tinawag na *“Death march.”* Ano ang isinasaad ng larawan? Ano ang iyong nadarama sa pangyayaring nakalarawan?



**Ang Pag-urong sa Bataan**

Nakahahambal ang nakasaad sa larawan, hindi ba? Napansin mo ba ang paghihirap ng mga sundalo?

Pagkaahon ng mga Hapon sa Aparri at Lingayen, nagtuloy ang mga ito sa Maynila. Ipinasiya ni Hen. MacArthur na umurong sa Bataan. Ang layunin ay upang iligtas ang mga sibilyan sa kapahamakang bunga ng digmaan at upang matipon ang hukbong Pilipino-Amerikano sa iisang pook at nang sa ganoo'y maging mabisa ang paglaban sa mga Hapon. Ang mga kawal Pilipinong kasama sa pag-urong sa Bataan ay mga karaniwang mamamayan at mga propesyonal.

**Ang Pagtatanggol sa Bataan**

Matapos masakop ang Maynila, itinuon naman ni Hen. Homma ang buong puwersang Hapon sa pagtugis sa mga kalaban sa Bataan. Sinalakay ang Bataan at ibinuhos ang buong puwersa dito. Makailan din siyang nabigo sapagkat buong giting at katapatang ipinagtanggol ng USAFFE ang Bataan. Maraming nalagas sa USAFFE dala ng kakulangan ng armas, pagkain at gamot. Maraming nagkasakit ng malarya at namatay. Sa mga kuwento ng mga nakaligtas, sinasabi nilang sila ay nabuhay sa pagkain ng mga ugat ng halaman, mga insekto, at kadalasan ay nagtitiis na lamang sa gutom. Gayunpama'y patuloy silang lumaban.

**Ang Pagbagsak ng Bataan**

Hindi lubhang naging madali sa mga Hapon ang pagpapabagsak sa Bataan. Maraming beses silang nabigo. Sa kanilang ranggo ay marami ring namatay sa pakikipaglaban at sa sakit na malarya. Subalit sa bandang huli, bumilis ang panghihina ng puwersang USAFFE. Naubusan ng mga armas at bala, gamot at pagkain. Ang hinihintay na suportang pandagat at panghimpapawid at mga kagamitan, gamot at pagkain ay hindi na nakarating. Lubhang napakalayo ng Pilipinas sa Amerika at ang Dagat Pasipiko na nakapagitan sa kanila ay pinapatrulyahan ng pandigmang dagat ng mga Hapon.


Dahil palubha nang palubha ang sitwasyon, at may panganib nang bumagsak sa kamay ng Hapon ang bansa, inilikas si Pangulong Quezon at ang kanyang pamilya patungong Amerika noong Pebrero 20, 1942. Noong Marso 11, 1942

naman, inatasan si Hen. MacArthur na magtungo sa Australia upang pamunuan ang puwersa doon. Binitiwan ni MacArthur ang katagang "*I shall return*." Itinalagang kapalit ni MacArthur si Tinyente Heneral Wainwright bilang pinuno ng USAFFE. Pinalitan ang designasyon ni Wainwright bilang pinuno USIP o United States Forces in the Philippines.

Sa gitna ng mga pangyayaring iyon, ibinuhos ni Hen. Homma ang lahat ng tropa nito sa Bataan. Noong Abril 9, 1942, bumagsak ang Bataan sa kamay ng mga Hapon matapos ang magiting at madugong pakikipaglaban ng mga Pilipino. Lumipat si Hen. Wainwright sa Corregidor at buhat doo'y ipinagpatuloy niya ang pamumuno sa pakikipaglaban. Si Hen. Edward P. King na humaliling kumander ng puwersa sa Bataan, ang siyang nagbigay ng utos ng pagsuko upang mailigtas ang wala nang lakas na mga sundalo.


**Ang "*Death march*"**

May 36,000 sundalong Pilipino at Amerikano, sampung heneral na Amerikano, at anim na heneral na Pilipino ang sumuko sa Bataan. Ang mga bilanggo ay pinaglakad ng mga Hapon mula sa Mariveles, Bataan papunta sa San Fernando, Pampanga. Dumanas sila ng gutom, pagod at labis-labis na pagpapahirap sa kamay ng mga Hapon. Ang mga sugatan at di na makalakad ay tinutusok ng mga bayoneta o kaya'y binubugbog hanggang sa mamamatay.




Dahilan sa kawalan ng tubig at pagkain, sakit, at sa labis na paghihirap, nagtangkang tumakas ang maraming bihag. Ang iba'y naglulupasay na lamang at nagpapaiwan. Subalit sila ay pinipilit magmartsang muli o kaya'y walang awang pinapatay. Kayat ang martsang ito ay tinawag na "*death march*."

Pagdating sa San Fernando, Pampanga, ang mga bihag na nakaligtas ay isinakay sa mga maliliit na bagol ng tren, kung saan marami ring namatay sa kakulangan ng hangin. Dinala sila sa Capas, Tarlac, kung saan sila ay inilagak sa isang *concentration camp* o garison.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Alin ang tama sa mga sumusunod na pangungusap?

_____1. Nanatili sa Pangulong Quezon at ang kanyang Gabinete sa Pilipinas hanggang sa katapusan ng pananakop ng Hapon.

_____2. Si Hen. MacArthur ay umalis sa Pilipinas upang maging pinuno ng tropa sa Australia ngunit nangakong babalik siyang muli.

_____3. Ang *Death march* ay isang paglabag sa karapatang pantao ng mga sundalo.

_____4. Buong kagitingang ipinagtanggol ng mga Pilipino at Amerikano ang Bataan sa abot ng kanilang makakaya.

_____5. Naduwag si Hen. Edward King sa lakas ng pwersa ng mga Hapon kayat iniutos niya ang pagsuko.

B. Ang mga bihag sa digmaan ay may mga karapatan ayon sa pinagkasunduan ng mga bansa. Ang ilan sa ito ay ang mga sumusunod. Pagkatapos mong basahin, lagyan ng ekis ang nilabag ng mga Hapon.

______1. May karapatang mabuhay ang mga sumusuko sa labanan.

______2. Ang mga sundalong sumusuko ay hindi nararapat patayin sapagkat wala na silang laban at gupo na sa hirap.

______3. Ang mga nasugatan ay binibigyan ng pang-unang lunas.

______4. Ipaaalam sa kanilang bansa at mga mahal sa buhay ang kanilang kinaroroonan.

______5. Bibigyan ng makataong pagtingin ang mga bihag, pakakainin at bibihisan.



**Tandaan Mo!**

- Sa Bataan, ipinakita ng mga sundalong Pilipino ang kanilang kagitingan sa pagtatanggol sa bansa sa abot ng kanilang kakayahan at maging hanggang kamatayan.
- Napilitang sumuko ang puwersang Pilipino-Amerikano sa mga Hapon sapagkat lugmok na ang mga sundalo. Walang ayuda sa dagat at himpapawid, at nauubos na ang pagkain, gamot at armas.
- Si Hen. Edward King ang nagutos ng pagsuko.
- Ang mga bihag ay pinaglakad mula Mariveles, Bataan patungong San Fernando Pampanga sa makasaysayang "*death march*."



**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ay taga-Bataan, o nakarating na roon, maaaring nakita mo na ang Dambana ng Kagitingan, ang simbolong ito ng Pagbasak ng Bataan. Pag-aralan mo ang larawan at pagkatapos ay sumulat o bumuo ng isang tula o sanaysay hinggil sa pagtatanggol sa bayan sa sandali ng digmaan.




______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________


______________________________

**ARALIN 4**

**ANG PAGBAGSAK NG CORREGIDOR AT PAGSUKO SA MGA HAPON**



Ang Corregidor ang pinakahuling tanggulan ng bansa baka tuluyan itong napasakamay ng mga Hapon. Tatalakayin sa aralin ang mga huling sandali sa islang ito at muling aalalahanin ang kagitingan ng ating mga sundalong Pilipino.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matutukoy ang mga pangyayaring humantong sa pagbagsak ng Corregidor; at
2. Makapagpapahayag ng pagmamalaki sa kagitingan ng mga Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang Corregidor ay isang maliit na isla ngunit malaki ang papel na ginampanan noong ikalawang digmaang pandaigdig. Ano kaya ang mga nangyari sa Corregidor nang umatras doon ang mga sundalong Pilipino at Amerikano? Lagyan mo ng tsek kung inaakala mong naganap ang mga pangyayari:

______1. Dito nagpahinga ang mga sundalo.

______2. Ipinagpatuloy ng mga sundalo ang pakikipaglaban.

______3. Tinugis ng mga Hapon ang mga sundalong Pilipino-Amerikano.

______4. Walang humpay na pambobomba ang isinagawa ng mga Hapon.

______5. Ginawa itong himpilan ng pamahalaan ni Pangulong Quezon upang hindi mahuli ng mga Hapon sa Maynila.

**Ang Huling Tanggulan**

Ang pagbagsak ng Bataan ay parang hudyat na rin ng pagbagsak ng Pilipinas. Subalit hindi ito lubusang tinanggap ng mga sundalong Pilipino at Amerikano. Nananalig pa rin ang ilang mga heneral na maaaring dumating ang mga hukbong sasaklolo mula sa Estados Unidos at bumalik na si Hen. MacArthur. Sa Corregidor huling nagtanggol ang mga nalalabing kawal.

Nang bumagsak ang Bataan, nailikas na mula sa Corregidor si Pangulong Quezon at ang kanyang pamilya papunta sa Estados Unidos. Nagsilbing himpilan niya ang Corregidor upang mapangalagaan siya sa mga Hapon. Ginawa ring ospital ang isang bahagi ng Corregidor upang ang mga sugatang heneral at mga opisyal ay maalagaan.

Pagkaraang mapabagsak ang Bataan, ibinaling ni Hen. Homma ang kanyang buong puwersa sa Corregidor. Binomba ito araw at gabi at pinalibutan ng hukbong pandagat. Ang mga gusai sa loob ng isla ay natupok. Ang mga nalalabing armas at mga kagamitan ay nawasak. Sapagkat isang isla, wala nang naurungan ang mga sundalo. Napilitang sumuko ang mga tagapagtanggol.


**Ang Pagsuko ng Corregidor at ng Pilipinas**

Ginawa lahat ni Hen. Wainwright na noo'y siyang namumuno sa pagtatanggol sa Corregidor, ang kanyang makakaya upang ipagtanggol ang isla, ngunit sila ay nakubkob na ng mga Hapon. Wala nang sinumang heneral ang makapagliligtas pa dito.

Noong Mayo 6, 1942 isinuko in Hen. Wainwright kay Hen. Homma ang Corregidor. Labindalawang libong (12,000) sundalong Amerikano at Pilipino ang sumuko. Mapalad sila kung tutuusin dahil hindi ipinadanas sa kanila ang "*death march*."

Matapos sumuko si Hen. Wainwright, dinala siya sa Maynila upang basahin sa radyo KZRH ang kautusan sa lahat ng kumander sa buong Pilipinas upang sumuko sa mga Hapon. Sinunod ang kautusang ito ng lahat ng mga nakabababang mga opisyal. Bagama't nanlaban pa ang mga Pilipino sa ibang pulo, gaya ng Panay, Cebu at Mindanao isinuko ni Hen. William F. Sharp Jr, kumander ng mga puwersa sa Visaya at Mindanao, ang mga bahaging ito noong Mayo10, 1942.

Sa pagbagsak ng Corregidor, ang huling tanggulan ng magkasanib na puwersang Pilipino at Amerikano, bumagsak na rin at sumakamay ng Hapon ang buong Pilipinas. Para sa mga Amerikano, tapos na ang pakikipaglaban, kayat nagsipagbaba sila ng mga armas at sumuko sa mga Hapon. Subalit ang mga Pilipinong opisyal ay hindi nagsisuko. Nagsitungo sila sa mga kabundukan at doo'y naglunsad ng pakikidigmang gerilya laban sa mga bagong mananakop.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Sa iyong palagay, bakit hindi nagsisuko ang lahat ng mga opisyal na Pilipino?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________

B. Ano ang katangiang ipinakita nila sa hindi pagsunod sa pagsuko sa mga Hapon?______________________________________________________________
______________________________________________________________________
____________________________________________________________

C. Maipagmamalaki mo ba ang mga katangiang iyan ng ating mga bayani? Sa paanong paraan?__________________________________________________
______________________________________________________________________
_______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang Corregidor ang huling tanggulan laban sa Hapon. Nang bumagsak ang Corregidor, bumagsak na rin sa kamay ng mga Hapon ang Pilipinas.
- Ipinamalas ng mga kawal Pilipino ang kagitingan at pagmamahal sa bayan sa pagtatanggol sa Corregidor.
- Hindi tuluyang sumuko ang mga opisyal na Pilipino at nanindigang ipagpapatuloy ang pakikidigma sa mga kabundukan.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ang Corregidor ay isa na ngayong lugar ng turismo sa bansa. Makikita doon ang mga labi˝ ng digmaan laban sa Hapon. Kung bibigyan ka ng pagkakataon, gusto mo bang makarating doon? Gumawa ka ng sulat sa alkalde ng iyong bayan upang humingi ng tulong na makapunta ka sa Corregidor kasama ang iba pang batang mag-aaral sa inyong lugar. Isa-isahin mo sa iyong sulat ang mga dahilan kung bakit nais mong makapunta doon.

**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:**

- Ang digmaan sa Pasipiko sa pagitan ng Amerika at Hapon ay bahagi ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nasangkot ang Pilipinas sa digmaang ito dahil naririto pa ang mga Amerikano noong sumiklab ang digmaan.
- Ang pinagsanib na Hukbong Pilipino at Hukbong Amerikano o USAFFE sa pamumuno ni Hen. Douglas MacArthur, ay magiting na nagtanggol upang pigilin ang pagpasok ng mga Hapon sa Pilipinas.
- Ang paglusob ng mga Hapon sa Pilipinas ay nagdulot ng malaking kapinsalaan sa buhay at ari-arian ng bansa kasama na ang pagkasira ng ating mga yamang likas. Kasamang nasira ang kagandahan ng Maynila na kahit idineklarang *open city* ay winasak pa rin ng mga dayuhang Hapon.
- Ang Bataan at Corregidor ay nagsilbing huling tanggulan ng mga Pilipino at Amerikano. Ang pagsuko ay naging ganap sa pagbagsak ng Corregidor.
- Dumanas ng malaking hirap ang mga sundalong Pilipino sa kamay ng mga Hapon. Halimbawa nito'y ang *"death march"* mula Bataan hanggang Pampanga.
- Sa pagtatanggol sa bansa, ipinamalas ng mga Pilipino ang kanilang kagitingan, katapatan sa bayan, at kabayanihan.

Binabati kita at natapos mo nang mabilis ang modyul na ito. Ngayon ay gawin mo ang huling pagsusulit upang malaman mo kung iyong natandaan ang mga pinag-aralan mo sa iba't ibang aralin. Handa ka na ba?



**PANGHULING PAGSUSULIT**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Dumating sa Pilipinas ang mga Hapon noong:
   A. 1939
   B. 1941
   C. 1944
   D. 1950
2. Bakit nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng Amerika at Hapon sa pagsisimula ng ikalawang digmaang pandaigdig?
   A. Matagal na silang may alitan
   B. Magkaalyado o magkaibigan
   C. May tiwala sa bawat isa
   D. Magkalapit ang kinaroroonan
3. Saang pangkat kabilang ang Estados Unidos noon?
   A. Axis
   B. United Nations
   C. NATO
   D. Allied Powers
4. Ang tunay na layunin ng mga Hapon sa pagsakop sa Pilipinas:
   A. pagsunod sa pakiusap ng mga Pilipino
   B. pagtalima sa utos ng United Nations
   C. pagsakop sa bansa upang patunayan na makapangyarihan sila
   D. pagsunod sa kasunduan nila ng Amerika na manakop din
5. Ipinahayag ng mga Hapon na layunin nilang palaganapin sa buong mundo ang:
   A. USAFFE
   B. AXIS
   C. Samahang Kaganapan ng mga Bansa
      sa Kalakhang Asya (*Greater Asia Co-prosperity Sphere*)
   D. ALLIED
6. Alin sa mga sumusunod and hindi nangyari sa panahon ng pananakop ng Hapon sa Pilipinas?
   A. pagbagsak ng Bataan
   B. pagpapatuloy ng Komonwelt sa Amerika
   C. pagbagsak ng Corregidor
   D. pagbabayad ng Hapon sa Amerika kapalit ng Pilipinas

7. Saang pangkat nabibilang ang Hapon  sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigidg?
   A. AXIS
   B. ASEAN
   C. Allied Powers
   D. United Nations
8. Sino ang Pangulo ng Pilipinas noong panahong sakupin ng Hapon ang Pilipinas?
   A. Jose Rizal
   B. Claro M. Recto
   C. Manuel L. Quezon
   D. Manuel Roxas
9. Siya ang itinalagang pinuno ng USAFFE:
   A. Hen. Douglas MacArthur
   B. Hen. Jonathan Wainwright
   C. Hen. William F. Sharp Jr.
   D. Hen. Edward P. King
10. Ang unang Pilotong Pilipinong pinarangalan sa kanyang pakikidigma sa himpapawid:
   A. Tinyente Geronimo Aclan
   B. Tinyente Cesar Basa
   C. Kapitan Jesus Villamor
   D. Major Jorge B. Vargas
11. Siya ang namuno sa USIP na sumuko sa mga Hapon sa Corregidor.
   A. Hen. Douglas MacArthur
   B. Hen. Jonathan Wainwright
   C. Hen. William F. Sharp Jr.
   D. Hen. Edward P. King

12. Bakit kailangang lisanin ang Maynila ng tropang USAFFE at magtungo sa Bataan?
    A. Sapagkat naroon ang mga Hapon
    B. Sapagkat napakalaki nito
    C. Sapagkat maraming gerilya doon
    D. Sapagkat mahirap nang ipagtanggol ito at labis na mawawasak
13. Ang kumander ng puwersa sa Bataan na napilitang sumuko sa mga Hapon:
    A. Hen. Douglas MacArthur
    B. Hen. Jonathan Wainwright
    C. Hen. William F. Sharp Jr.
    D. Hen. Edward P. King
14. Paano madaling nagapi ng mga Hapon ang puwersang Pilipino-Amerikano?
    A. sa pamamagitan ng propaganda
    B. sa pamamagitan ng pagbabayad ng malaking halaga
    C. sa pamamagitan ng pagpatay sa mga sumukong sundalo
    D. sa pamamagitan ng walang humpay na pambobomba sa mga mahahalagang instalasyong militar
15. Ano ang ginawa ng mga Pilipinong opisyal nang sumuko na ang tropang Amerikano sa mga Hapon?
    A. Sumuko na rin
    B. Namundok at naglunsad ng pakikidigmang gerilya
    C. Nagtago sa malalayong lugar
    D. Nakipagtulungan sa mga Hapon
16. Ano ang ibig sabihin sa pagiging "*open city*" ng Manila?
    A. Malugod na tinanggap ang mga mananakop na Hapon
    B. Bukas na pakikipag-usap sa mga dayuhan
    C. Di dapat bombahin sapagkat maraming sibilyan doon
    D. Isinusuko na ito sa mga Hapon
17. Baki nasali ang Pilipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
    A. Dahil mayaman ito
    B. Dahil ito ay isang Komonwelt na protektado ng Amerika

C. Dahil ginalit nito ang mga Hapon

D. Dahil ito ay bahagi ng kolonya ng Amerika

18. Siya ang pinuno ng hukbong Hapon na sumakop sa Pilipinas:

A. Hen. Nagasaki

B. Hen. Hirohito

C. He. Masaharu Homma

D. Hen. Yamashita

19. Saan nagmula at nagtapos ang paglalakad ng mga bilanggong kawal sa tinaguriang "*Death march*?"

A. Mula Mariveles, Bataan hanggang Maynila

B. Mula Mariveles, Bataan hanggang Capas, Tarlac

C. Mula Mariveles, Bataan hanggang San Fernando, Pampanga

D. Mula Mariveles, Bataan hanggang Clark Field, Pampanga

20. Sino ang Amerikanong heneral ng tropang Visayas at Mindanao na sumuko sa mga Hapon sa Malaybalay, Bukidnon?

A. Hen. Douglas MacArthur

B. Hen. Jonathan Wainwright

C. Hen. William F. Sharp Jr.

D. Hen. Edward P. King